

Aralin sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Simuno at Panaguri

May dalawang bahagi ang pangungusap, ang simuno at ang panaguri. Ang buong **simuno** ay ang mga salita na tumutukoy sa pinag-uusapan sa pangungusap. Ang buong **panaguri** ay ang mga salitang nagsasabi tungkol sa simuno, kung ano ang ginagawa ng simuno, o kung ano ang nangyayari sa simuno.

Halimbawa: $\underbrace{\text{Nakatira sa tabi ng dagat}}_{\text{panaguri}} \underbrace{\text{ang kaibigan ko}}_{\text{simuno}}$.

Ang pangungusap sa itaas ay may karaniwang ayos. Ang **karaniwang ayos ng pangungusap** ay may anyong (**panaguri + simuno**) kung saan nauuna ang panaguri bago ang simuno. Ang mga salitang “Nakatira sa tabi ng dagat” ay ang buong panaguri at ang mga salitang “ang kaibigan ko” ay ang buong simuno. Ang karaniwang ayos ng pangungusap ay maaari din may anyong (**panaguri + simuno + panaguri**), kung saan nahati ang buong panaguri.

Kung gagawin nating di-karaniwan ang ayos ng pangungusap sa itaas, gagamit tayo ng salitang *ay*.

Halimbawa: $\underbrace{\text{Ang kaibigan ko}}_{\text{simuno}} \text{ ay } \underbrace{\text{nakatira sa tabi ng dagat}}_{\text{panaguri}}$.

Ang ayos ng pangungusap na ito ay (**simuno + ay + panaguri**) o ang tinatawag na **di-karaniwang ayos ng pangungusap**. Ang salitang *ay* dito ay ginagamit bilang panandang pagbabaligtad sa pangungusap at hindi ito bahagi ng buong panaguri. Kung babaligtarin natin ang pangungusap para maging karaniwan ang ayos, hindi na sinusulat ang salitang *ay*.

Baka isipin mo na ang salitang *ay* ay katumbas ng *verb to be* sa *English* (*is, am, was, were, has, have, etc.*). Tandaan na ang *verb to be* ay kasali sa buong panaguri o *complete predicate* sa *English*, ngunit sinasabi nila na walang katumbas sa *English* ang salitang *ay*. Ito ay pananda lamang upang tulungan tayo sa pagbabaligtad ng pangungusap na nasa di-karaniwang ayos para ang ayos nito ay maging karaniwan. Di-tulad ng salitang *ay*, hindi nawawala sa *English* ang *verb to be* kung babaligtarin ang anyo ng pangungusap. Tingnan mo ang dalawang halimbawa sa ibaba.

Jenny is my friend. → *My friend is Jenny.*

Si Jenny ay kaibigan ko. → Kaibigan ko si Jenny.

Talâ: simuno - *subject*, panaguri - *predicate*, buong simuno - *complete subject*, buong panaguri - *complete predicate*